



Buong Teksto

KUNG PAANO YUMAMAN SI JACKYO

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang “Kung Paano Yumamang si Jackyo”, mula sa Philippine Folk-Tales nina Clara Kern Bayliss, Berton L. Maxfield, W. H. Millington, Fletcher Gardner, at Laura Watson Benedict, na isinalin ni Airalyn Gara at babasahin ni Jonathan B. Paculan. Kwentong-bayan mula sa Panay, Visayas

Noong unang panahon, may isang binatang nagngangalang Jackyo. Napakahirap ng kaniyang buhay. Kasyang-kasya lang sa kaniyang pagkain ang kinikita niya sa araw-araw at walang natitira para sa kaniyang damit. May maliit siyang tanimang malayu-layo sa kaniyang bahay at pinagsasakahan niya ng ilang kawawang halaman.

Isang hapon, binisita ni Jackyo ang kaniyang sakahan. Magdadapithapon na nang narating niya ito. Pagkatapos niyang isa-isahin ang mga pananim, umalis siyang agad para umuwi. Ngunit nawala na ang liwanag at lumubog na ang araw. Mabilis na sumapit ang gabi at naging malungkot at madilim ang daan.

Nang tumagal ay hindi na niya makita ang landas. Walang bituing maaninag sa langit, at tanging malulungkot na huni ng mga ibon at mahihinang kaluskos ng mga dahon ang naririnig niya.

Sa wakas, pumasok siya sa isang kagubatang may malalaking puno. “Paano kung may masalubong akong mababangis na hayop,” naisip ni Jackyo. Ngunit pinalakas niya ang kaniyang loob: “Dapat akong maging matapang at harapin ang bawat panganib.”

Hindi nagtagal bago niya natiyak na may naririnig siyang malalim na pag-ungal. Bumilis ang tibok ng kaniyang puso, ngunit nagpatuloy pa rin siya sa paglalakad. At naulit ang pag-ungal! Sa pagkakataong ito, mas malapit at mas malinaw na ang tunog, at nakita niya sa kadiliman ang isang dambuhalang ligaw na bakang papalapit sa kaniya.

May nakita siyang malaking butas sa isang matandang puno. “Palilipasin ko ang gabi sa punong ito,” sabi niya sa sarili.

Maya-maya, dumating ang isang matandang lalaki. Napakapangit nito’t ang katawa’y nababalot ng magaspang na balahibo. Tiningnan nito si Jackyo mula ulo hanggang paa at sinabing: “Ano’ng naisip mo’t pumasok ka rito? Hindi mo ba alam na ito ang kastilyo ng hari ng masasamang espiritu?”

Lalong natakot si Jackyo at matagal na hindi nakapagsalita, ngunit sa wakas ay pautal-utal siyang sumagot: “Paumanhin po, ginoo, ngunit hindi po ako makauwi sapagkat malalim na ang gabi. Sana’y hayaan ninyo akong magpahinga rito sandali.”

“Hindi kita hahayaang manatili rito dahil hindi tinutulungan ng hari namin ang sinumang hindi kabilang sa kaniyang kaharian. Kapag ginawa niya ito, mawawala ang kaniyang kaharian. Pero...ano ang pangalan mo? Marunong ka bang kumanta?” tanong ng matandang lalaki.

“Ako po si Jackyo at may kaunti akong nalalaman sa pagkanta,” tugon niya.

“Kung gayon,” sagot ng matandang lalaki, “kung may alam kang kanta, kantahin mo ito para sa akin.” Isa lang ang alam na kanta ni Jackyo, at iyon ay ang pangalan ng mga araw sa isang linggo. Ayaw sana niyang kantahin ito, ngunit pinilit siya ng matandang lalaki na nagsabing: “Kapag hindi ka kumanta, pupugutin ko ang ulo mo.” Kaya nagsimulang kumanta si Jackyo.

Narinig ng hari ng masasamang espiritu na si Mensaya ang awit ni Jackyo at naging interesado rito. Ipinatawag niya ang utusang si Macquil at sinabing, “Macquil, pumunta ka sa baba at alamin kung sino ang kumakanta roon. Kapag nakita mo siya, dalhin mo siya sa akin.”

Humarap si Jackyo sa hari at yumukod, umabot ang kaniyang noo sa karpit ng sahig, at mapagkumbaba siyang tumayo sa harap ng hari.

“Iparinig mo sa akin ang iyong awit,” utos ng hari. Kaya naman, buong paggalang na kinanta ni Jackyo ang tanging kanta alam niya. Ito ang awit:

Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado.

Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado.

Habang kumakanta siya, lahat ng masamang espiritu sa kuweba ay nagtipon-tipon sa kaniyang paligid upang marinig ang awit, at pinakanta siya ni Mensaya nang paulit-ulit-ulit. Dahil labis silang nasiyahan, iniutos ni Mensaya kay Macquil na bigyan si Jackyo ng maraming ginto at pilak bilang gantimpala sa kaniyang napakagandang awit.

Nang mag-umaga, umuwi si Jackyong umaapaw sa galak at nakilala bilang pinakamayamang tao sa kanilang nayon.

Source: Philippine Folk-Tales nina Clara Kern Bayliss, Berton L. Maxfield, W. H. Millington, Fletcher Gardner, at Laura Watson Benedict

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

In English

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace

In Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo *Executive Producers*
Ricardo Abad

D Cortezano *Producer*

John Robert Yam *Overall Sound Designer*

Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Justine Ray Santos Rey Sotto Duane Ligot Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>
Jonathan B. Paculan	<i>Voice Actor</i>

Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	<i>Principal</i>
Genalyn S. Sanvictores	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>
Paolo Ven B. Paculan	<i>Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino</i>
Krinstine Ann P. Valdellon	<i>Master Teacher, Subject Area Coordinator, English</i>
Elizabeth S. Alindogan	<i>Associate Teacher, Filipino Subject</i>
Airalyn Gara	<i>Assistant Teacher, Filipino Subject</i>